## APPLICATION

- Paano mo nararanasan ang katapatan ng Diyos sa gitna ng mahirap na panahon? Paano ka nito nabibigyan ng lakas para matiis ang mga paghihirap sa kasalukuyan o sa hinaharap?
- Sa ilalim ng katotohanan ng buhay na walang hanggan, hindi kayang higitan ng buhay dito sa lupa ang pag-asa na mayroon tayo kay Cristo. Anong mga bahagi ng buhay mo ang kailangang iayon sa katotohanang ito? Paano ka mas makakapamuhay ayon sa katotohanang ito sa bawat paglipas ng araw?
- Sino ang pwede mong hikayatin ngayon gamit ang kaalaman tungkol sa mas mabuting buhay kay Cristo? Kausapin ang taong ito at ibahagi ang mabuting balita sa kanya.

## PRAYER

- Pasalamatan si Jesus para sa ginawa Niya sa krus, at ipanalangin na magkaroon ka ng mga matang may pananampalataya para makita mo ang mas mabuting buhay na nasa Kanya na higit pa sa mga tagumpay at paghihirap sa buhay na ito.
- Hilingin sa Diyos na tulungan kang makita ang Kanyang presensya at katapatan sa iyong buhay, sa panahon man ng kasaganaan at tagumpay o sa harap ng mga pagsubok at kakulangan. Ipagdasal na lumago ang pagtitiwala mo sa Kanya araw-araw.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon ngayong linggo para mapalakas ang loob ng iyong pamilya at mga kaibigan sa pamamagitan ng ebanghelyo at mga kwento ng pananampalataya at pagtitiis.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2025 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Bruce Chua, Romeo Mercado, Ruth Gloria, Chrysse Pili, Janine Pineda, Mona Pondales, Ian Susi, Jasmine Villegas, Kriscel Wee

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.

# JESUS > Mas Mabuting Buhay

WEEK 11

## WARM-UP

- Ano ang naiisip mo na perpektong wakas ng isang pelikula? Bakit?
- Ano ang kahulugan ng tagumpay para sa 'yo? Ano ang dahilan kung bakit nagiging matagumpay ang isang bagay o tao?
- Kailan ang huling pagkakataon na nangyari ang lahat ng gusto mong mangyari sa isang buong araw? Ano ang naramdaman mo?

## WORD

*[35]May mga babae naman na dahil sa pananampalataya nila sa Dios ay muling nabuhay ang kanilang mga anak na namatay. Ang iba namang sumasampalataya sa Dios ay pinahirapan hanggang sa mamatay. Tinanggihan nila ang alok na kalayaan kapalit ng pagtalikod nila sa kanilang pananampalataya dahil nalalaman nilang darating ang araw na bubuhayin sila ng Dios at matatanggap nila ang mas mabuting gantimpala. . . . [39]Kinalugdan silang lahat ng Dios dahil sa pananampalataya nila. Ngunit hindi nila natanggap sa panahon nila ang ipinangako ng Dios sa kanila. [40]Ito'y dahil may mas mabuting plano ang Dios para sa atin, dahil nais niyang makasama nila tayo kapag tinupad na niya ang ipinangako niya sa kanila.*
**HEBREO 11:35, 39–40**

(Basahin din ang **HEBREO 11:32–34, 36–38; 12:1–2.**)

Ang liham na ito ay isinulat para sa mga taong dumaranas ng pag-uusig at paghihirap noong panahong iyon. Para sa kanila, mas madali ang sumuko. Pero hinikayat sila ng manunulat na magtiis sa gitna ng paghihirap at umasa sa muling pagkabuhay at sa buhay na walang hanggan. Kay Cristo, may katiyakan ang mga ito, at pwede nila itong panghawakan sa pamamagitan ng pananampalataya. Dahil kay Cristo, maaari tayong bumangon muli at magkaroon ng mas mabuting buhay sa kabila ng mga pagdurusa at kamatayan. Ano ang larawan ng mas mabuting buhay kay Cristo?

## 1 Ang mas mabuting buhay ay higit pa sa mga tagumpay na nararanasan natin sa buhay na ito.

*[32]Kailangan ko pa bang magbigay ng maraming halimbawa? Kakapusin ako ng panahon kung iisa-isahin ko pa ang mga ginawa nina Gideon, Barak, Samson, Jefta, David, Samuel, at ng iba pang mga propeta. [33]Dahil sa pananampalataya nila, nilupig nila ang mga kaharian, namahala sila nang may katarungan, at tinanggap nila ang mga ipinangako ng Dios. Dahil sa pananampalataya nila, hindi sila ginalaw ng mga leon, [34]hindi sila napaso sa nagliliyab na apoy, at nakaligtas sila sa kamatayan sa pamamagitan ng espada. Ang iba sa kanila'y mahihina, pero pinalakas sila ng Dios. At naging makapangyarihan sila sa digmaan at nilupig ang mga dayuhang hukbo. [35]May mga babae naman na dahil sa pananampalataya nila sa Dios ay muling nabuhay ang kanilang mga anak na namatay.*

**HEBREO 11:32–35**

Ang Hebreo 11 ay madalas na tinatawag na *Hall of Faith* o Bulwagan ng Pananampalataya, na tungkol sa mga kalalakihan at kababaihang nabuhay, nagtiyaga, at nagtagumpay sa pamamagitan ng pananampalataya. Nagkaroon sila ng mga epikong kwento ng tagumpay at kahanga-hangang mga gawa. Bagama't magandang magkaroon ng mga tagumpay sa buhay, hindi ito ang layunin ng ating pananampalataya at hindi tungkol dito ang mas mabuting buhay. Kay Cristo, may mas higit pa dito. Paano mo naranasan ang mga tagumpay sa pamamagitan ng pananampalataya?

## 2 Ang mas mabuting buhay ay higit pa sa pananampalatayang nagbibigay-daan para matiis natin ang mga pagsubok at paghihirap sa buhay na ito.

*[35]. . . Ang iba namang sumasampalataya sa Dios ay pinahirapan hanggang sa mamatay. Tinanggihan nila ang alok na kalayaan kapalit ng pagtalikod nila sa kanilang pananampalataya dahil nalalaman nilang darating ang araw na bubuhayin sila ng Dios at matatanggap nila ang mas mabuting gantimpala. [36]Ang iba naman ay dumanas ng mga panlalait at panghahagupit dahil sa pananampalataya nila, at ang iba ay ikinadena at ibinilanggo. [37]Pinagbabato ang iba hanggang sa mamatay, ang iba naman ay nilagari hanggang mahati ang katawan nila, at mayroon ding pinatay sa espada. Ang ilan sa kanila ay nagdamit na lang ng balat ng tupa at kambing. Naranasan nilang maghikahos, usigin at apihin. [38]Nagtago sila sa mga ilang, mga kabundukan, mga kweba at mga lungga sa lupa. Hindi karapat-dapat ang mundong ito para sa kanila.*

**HEBREO 11:35–38**

Sa kabilang banda, ang Hebreo 11 ay tungkol din ng mga kwento ng mga kalalakihan at kababaihang napagtiisan ang iba't ibang uri ng mga pagsubok at paghihirap sa pamamagitan ng pananampalataya. Bagama't ang pananampalataya ang nagbibigay sa atin ng tagumpay, ito rin ang nagbibigay sa atin ng katatagan sa gitna ng mga naantalang tagumpay, pagkatalo, o maging kamatayan. Ang mga pagsubok at pagdurusa ay pansamantala kumpara sa mas mabuting buhay na ipinangako sa mga nagtitiwala at nananatili kay Cristo. Paano mo tiniis ang mga paghihirap na naranasan mo?

## 3 Ang mas mabuting buhay, sa huli, ay ang walang hanggan na kasama si Cristo.

*[39]Kinalugdan silang lahat ng Dios dahil sa pananampalataya nila. Ngunit hindi nila natanggap sa panahon nila ang ipinangako ng Dios sa kanila. [40]Ito'y dahil may mas mabuting plano ang Dios para sa atin, dahil nais niyang makasama nila tayo kapag tinupad na niya ang ipinangako niya sa kanila.* **HEBREO 11:39–40**

Sa pagtatapos ng Hebreo 11, nabigyan ang mga mambabasa ng *reality check* o pagtingin sa realidad: sa kabila ng kapuri-puri nilang pananampalataya, hindi nila nakita ang ganap na katuparan ng mga pangako ng Diyos. May mas mabuting bagay silang hinintay nang may pagkasabik at pagtitiwala—ang buhay na walang hanggan kasama ang Diyos. Tayo rin ngayon ay umaasa at tumatanggap ng pangakong ito sa pamamagitan ng pagtitiwala sa ginawa ni Jesus. Higit pa sa pansamantalang pagdurusa o ginhawa dito sa lupa, umaasa tayo sa muling pagkabuhay at buhay na walang hanggan kay Cristo. Sa Kanya tayo tumingin, patuloy na magtiwala makakita man tayo o hindi ng mga resulta dito sa mundo, at makuha man natin o hindi ang mga sagot sa ating mga panalangin. Paano nakikita ang pananampalatayang ito sa buhay mo ngayon?